KAUTUSAN BLG. 4536

**KAUTUSANG NAGPAPALIT NG PANGALAN SA MATAAS NA PAARALANG "TOMAS EARNSHAW" UPANG ITO AY MAKILALANG MATAAS NA PAARALANG "PANGULONG SERGIO OSMEÑA, SR."**

SAPAGKA'T, ang dating Pangulong Sergio Osmeña, Sr. ay isa sa mga naging matibay na haligi ng demokrasiya;

SAPAGKA'T, ang nasabing ginoo ay naging mabuting tagapagtanggol ng kalayaan at mga karapatan nating mga Pilipino;

SAPAGKA'T, ang naging Pangulong Sergio Osmeña, Sr. ay naging isang mabuting tagapangalaga ng bansang Pilipinas noong mga sandali ng kanyang pakikipagtunggali ukol sa pagsasarili;

SAPAGKA'T, siya ay naging isang maliwanag na sulo na pumapatnubay upang ang ating bansa ay makabangon buhat sa dilim at kahirapang dulot ng nagdaang digmaan;

SAPAGKA'T, bilang isang mambabatas ay naging isang huwaran siya sa pagkamaginoo at sa walang bahid-dungis at walang pagimbot na paglilingkod sa bayan;

SAPAGKA'T, bilang isang mamamayan ng bansang Pilipinas ay hinangaan ang yumaong Sergio Osmeña, Sr. sa kanyang pagmamahal at pagmamalasakit ukol sa kapakanan ng kanyang kapuwa tao: dahil dito ay

Ipinag-uutos ng Batasang Bayan ng Lunsod ng Maynila na:

ALITUNTUNIN 1. Ang pangalan ng Mataas na Paaralang "Tomas Earnshaw" ay palitan upang ito ay maging Mataas na Paaralang "Pangulong Sergio Osmeña, Sr."

ALIT. 2. Ang kautusang ito ay magkabisa sa araw ng pagpapatibay.

Pinasiyahan ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Hunyo, 1962.

Pinagtibay, ika-2 ng Hulyo, 1962.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Punong Lunsod
Maynila

HERMINIO A. ASTORGA
Pansamantalang Pangalawang Punong Lunsod
at Tagapangulo, Batasang Bayan

PINATUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Punong Lunsod

LIBRADO KONOSENG
Kalihim, Batasang Bayan

HRR mm